

KAILAN ITINUTURING  
ANG MGA PAG-TAKE  
NA HINDI TINATABLAN  
NG GAMOT?



# Ang iyo bang anak ay hindi tinablan ng dalawang gamot na kontra sa epilepsya?

Ang epilepsya na hindi tinatablan ng gamot ay tinutukoy bilang pagpalya sa sapat na pagsubok sa dalawang natatanggap, **angkop na napili at nagamit na mga iskediyul sa gamot na kontra sa epilepsya (ito man ay isahang paggagamot o magkatambal) upang makuha ang kalayaan sa pag-atake.**

Napakahalagang maunawaan na ang pangunahing mga parirala sa depinisyong ito: sapat na pagsubok, natitiis, angkop na napili, at napananatiling kalayaan sa pag-atake.

## "Sapat na mga pagsubok"

Nangangahulugan ito na ang gamot ay lubhang itinaas (tiniyak ang konsentrasyon) sa epektibong saklaw ng dosis nito. Kapag hininto ang gamot dahil sa masasamang epekto (katulad ng pamamantal ng balat, halimbawa) pagkatapos ay hindi ito kabilang na isa sa dalawang gamot sa depinisyon. Sa kasawiing palad, mahirap na tukuyin kung ano ang epektibong saklaw ng dosis para sa bawat gamot. Kaya mahalaga na ang inyong anak ay matingnan ng isang dalubhasang neurologo sa mga bata, o mas mabuti kung epileptologo na nakakaunawa sa saklaw ng epektibong dosis para sa bawat gamot. Kapag ang inyong anak ay niresetahan ng gamot na kontra epelipsya, tanungin ang epileptologo kung kailan mo dapat asahan na makita ang pagkontrol sa pag-atake.

## "Natitiis"

Nangangahulugan ito na walang lubhang mapaminsala o hindi sinasadyang epekto mula sa paggamit ng gamot. Sa ibang salita, ang napiling gamot ng neurologo o epileptologo ay natitiis ng bata. Ang lahat ng gamot na kontra epilepsya ay may ilang uri ng masamang epekto. Marami sa mga epektong iyon katulad ng pagpapakalma, pagkalito o pagkawala ng gana, ay pangkalahatang natitiis ng halos lahat ng bata. Ang masasamang epekto sa ugali katulad ng agresyon o pagkabalisa ay maaaring matiis ng isang bata, subalit maaring lubhang nakakagambala sa pang-araw-araw na mabubuhay ng ibang bata, kung kaya ang gamot ay dapat ihinto. Gayunman ang ilan sa mga gamot na kontra sa epilepsya kabilang ang phenytoin, valproate, at carbamazepine, ay maaring magdulot ng pagkalason ng atay o pagpalya ng atay. Ang iba ay maaaring magdulot ng napakalubhang reaksiyon sa balat katulad ng Stevens Johnson syndrome at nakalalasang epidermal necrolysis na maaaring magdulot ng kamatayan kapag hindi nagamot.

## "Angkop na pinili"

Ang dalawang gamot na napili ng neurologo o epileptologo ay dapat angkop sa uri ng epilepsya o uri ng pag-atake. Nangangahulugan ito na ang gamot ay dapat nakitaan ng pagiging epektibo noong una para sa uri ng pag-atake. Bilang halimbawa, ang ethosuxomide ay hindi angkop na gamot para sa mga focal seizure at hindi kabilang sa depinisyon ng hindi tinatablan ng gamot.

Ito ay lalong mahalaga sa kaso ng infantile spasms, isang partikular na uri ng mapaminsalang pag-atake kapag hindi napigilan. Kabilang sa mga gamot na gold standard para sa unang hanay ng paggagamot upang ihinto ang infantile spasm ang napakataas na dosis ng corticosteroids katulad ng prednisone at prednisolone, mataas na dosis ng adrenocorticotrophic hormone (na kilala bilang ACTH), at vigabatrin (na kilala bilang Sabril). Kapag ang isang bata, halimbawa ay binigyan ng phenobarbital at Keppra upang ihinto ang infantile spasms, hindi sila itinuturing na hindi tinatablan ng gamot dahil hindi sila unang hanay ng mga gamot para sa infantile spasms. Mahalagang matingnan ang isang bata ng isang neurologo o epileptologo na may malaking karanasan sa panggagamot sa infantile spasms upang maibigay agad ang tamang mga gamot sa bata.

## "Napananatiling kalayaan sa pag-atake"

Ang terminong "walang pag-atake" ay nangangahulugan ng kalayaan mula sa lahat ng pag-atake kabilang ang mga aura. Habang ang layunin ay walang mga pag-atake sa buong buhay ng isang bata, hindi ito makatotohanan. Kaya, ang International League Against Epilepsy ay bumuo ng "pamantayang tatlo" upang kuwentahin ang kalayaan sa pag-atake. Ang "pamantayang tatlo" ay nangangahulugan na ang bata ay hindi inaatake sa tagal ng panahon na mga tatlong beses sa pinakamahabang panahon ng kalayaan sa pag-atake bago ang paggamit ng gamot, o labindalawang buwan, alinman ang mas matagal.

Ang walang mga pag-atake (kabilang ang pinabilis na lagnat o kakulangan sa tulog) ay maaaring maganap sa saklaw ng panahong ito; gayunman, ang pag-atake na dulot ng hindi pag-inom ng gamot sa tamang oras (hindi pagsunod) ay hindi kabilang.

**Kapag hindi nakainom ng dalawang gamot ang inyong anak katulad ng binalangkas sa itaas, oras na para humingi ng referral sa ebalwasyon ng operasyon sa epilepsya.**